# *Papuri at Pagsamba*

***"1 Purihin ninyo ang PANGINOON. Purihin ninyo ang Dios sa kaniyang santuario: purihin ninyo siya sa langit ng kaniyang kapangyarihan. 2 Purihin ninyo siya dahil sa kaniyang mga makapangyarihang gawa: purihin ninyo siya ayon sa kaniyang marilag na kadakilaan. 3 Purihin ninyo siya ng tunog ng pakakak: purihin ninyo siya ng salterio at alpa. 4 Purihin ninyo siya ng pandereta at sayaw: purihin ninyo siya ng mga panugtog na kawad at ng flauta. 5 Purihin ninyo siya ng mga matunog na simbalo. Purihin ninyo siya sa pinaka matunog na mga simbalo. 6 Purihin ng bawa't bagay na may hininga ang PANGINOON. Purihin ninyo ang PANGINOON." (Awit 150:1-6 KJV)***

Bakit natin pinupuri at sinasamba Siya? Kapag pinupuri natin ang Dios, ipinapahayag natin sa Kanya ang ating pasasalamat at ang ating pagkilala para sa kaligtasan na ibinigay Niya sa atin sa pamamagitan ng Panginoong JesuCristo. Iniligtas tayo ni JesuCristong ating Panginoon mula sa kasalanaN, mula sa kamatayan, mula sa mga karamdaman, mula sa kapangyarihan ng kadiliman at pinalaya tayo mula sa ating mga pagkaalipin, at para sa lahat sa pagiging ating tagapagligtas pinupuri at ipinapahayag ang ating pasasalamat sa Kanya kung paano niya ibinigay ang Kanyang buhay sa atin. Pinasasalamat natin Siya para sa Kanyang kaligtasan at para sa lahat ng kanyang kabutihan at katapatan sa atin.

Kapag tayo'y umiyak sa Dios para sa tulong, ito ang iyong panalangin sa Kanya na lumapit at iligtas ka, upang lutasin ang iyong mga suliranin, at iligtas ka sa iyong mga kaaway. Ang kawalang pag-asang nasa sa iyo ay hindi mo kayang harapin ang iyong mga kaaway at ang mga kaguluhang nakapalibot sa iyo ay magtuturo sa iyong manalangin. Kapag tumugon ang Dios sa iyong panalangin, iniligtas ka, at pinalaya ka mula sa iyong mga kaguluhan at mula sa iyong mga kaaway kung gayon ang pagpapahayag mo ng iyong pasasasalamat sa Kanya, ito'y naglalarawan ng iyong papuri sa Dios. Ang pagsamba ay kapag sinimulan mong parangalan ang Dios, hindi lamang sa pagliligtas sa iyo mula sa iyong mga kaaway at kaguluhan at pagliligtas sa iyong buhay, kundi dahil nakikilala mo pa Siya nakikita kung paanong ang Kanyang presensya ay napakahalaga at kailangan mo sa iyong buhay. Iyon ang simula na parangalan at pahalagahan mo ang Dios para sa lahat ng Kanyang kabutihan, biyaya, paglingap sa iyo, sa Kanyang kabutihan, kahinahunan at kaamuhan sa pagharap sa iyo, pagtutuwid sa iyo, pagdidisiplina sa iyo, at kung paano harapin ka sa iyong mga kasalanan at masamang pag-uugali upang gawin kang mas mabuting tao kay Cristo Jesus, pagtutuwid sa iyo sa Kanyang mga daan at landas.

Sa isang salita, ang papuri ay pagpapahayag ng pasasalamat para sa lahat ng ginawa ng Dios sa ating buhay, para sa pagliligtas sa atin, at pagbibigay ng kanyang anak na si JesuCristo na maaring linisin tayo mula sa ating mga kasalanan at kasamaan. Ang pagsamba ay isang pagpapahayag ng samba at pagibig kung sino ang Dios at sa lahat ng ginagawa Niya sa ating buhay kung paano Niya idinederikta tayo para mabuhay para sa Kanya at paglingkuran Siya.

Ayon sa ***Awit 150:2 "Purihin ninyo siya dahil sa kaniyang mga makapangyarihang gawa: purihin ninyo siya ayon sa kaniyang marilag na kadakilaan."*** Pinupuri natin ang Dios para sa Kanyang makapangyarihang gawa; Ang Kanyang makapangyarihang gawa na naglalaman ng marilag Niyang kaligtasan, ng Kanyang paglingap sa atin, at ang Kanyang dakilang pangangalaga at proteksyon sa atin. Pinupuri rin natin Siya para sa Kanyang marilag na kadakilaan, ang Dios ay dakila sa Kanyang kapangyarihan sapagkat Siya ay Dios na Makapangyarihan. Dakila ang Dios sa Kaniyang presensya, sapagkat Siya ay naroroon sa lahat ng dako, at dakila ang Dios sa Kaniyang kaalaman sapagkat Siya'y makapangyarihang Dios na nakakaalam ng lahat, kaya't tayo'y nagpupuri sa Kaniya gamit ang tunog ng mga trumpeta, ng salterio, ng alpa, ng timpani, sa sayaw, sa mga instrumentong may kuwerdas, sa mga organo, sa malalakas na simbalyo at sa matitingkad na tunog ng simbalyo. ***"3 Purihin ninyo siya ng tunog ng pakakak: purihin ninyo siya ng salterio at alpa. 4 Purihin ninyo siya ng pandereta at sayaw: purihin ninyo siya ng mga panugtog na kawad at ng flauta.5 Purihin ninyo siya ng mga matunog na simbalo. Purihin ninyo siya sa pinaka matunog na mga simbalo." (Awit 150:3-5 KJV)*** Pinupuri natin Siya sa lahat ng mayroon tayo. Sinasabi sa ***Awit 103:1*** na kailangang mong purihin ang Panginoon ng iyong kaluluwa at mula sa kailaliman ng iyong kalooban, ***"Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan." (Awit 103:1 KJV)***

Ang papuri ay napaka halaga sa buhay ng bawat Cristiano. Habang pinupuri mo ang Dios, mapagtatanto mo ang Kanyang kapangyarihan sa paggawa sa napakasalimout na kalagayan sa iyong buhay. Sa ***2 Cronica*** ay mabuting halimbawa ng kapangyarihan ng papuri. Isang napakalaking hukbo ang papasok laban sa bayan ng Juda. Naghayag si Jehoshaphat ng pag-aayuno, at ang Panginoon ay nagbigay ng Salita sa pamamagitan ni Jahaziel na ang mga tao ay lalabas at haharapin ang kaaway hindi gamit ang mga sandata kundi sa pamamagitan ng papuri. Habang sila'y umaawit at nagpupuri sa Dios, tinalo Niya ang kaaway sa kanilang harapan. ***"14 Nang magkagayo'y dumating kay Jahaziel na anak ni Zacharias, na anak ni Benaias, na anak ni Jeiel, na anak ni Mathanias na Levita, sa mga anak ni Asaph ang Espiritu ng PANGINOON sa gitna ng kapisanan; 15 At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, buong Juda, at ninyong mga taga Jerusalem, at ikaw na haring Josaphat: ganito ang sabi ng PANGINOON sa inyo, Huwag kayong mangatakot, o manglupaypay man dahil sa***

***malaking karamihang ito; sapagka't ang pakikipagbaka ay hindi inyo, kundi sa Dios. 16 Bukas ay magsilusong kayo laban sa kanila: narito, sila'y nagsiahon sa ahunan ng Sis; at inyong masusumpungan sila sa dulo ng libis, sa harap ng ilang ng Jeruel. 17 Kayo'y hindi magkakailangan na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas, ng PANGINOON na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man: bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang PANGINOON ay sumasa inyo. 18 At itinungo ni Josaphat ang kaniyang ulo sa lupa: at ang buong Juda at ang mga taga Jerusalem ay nangagpatirapa sa harap ng PANGINOON, na nagsisamba sa PANGINOON. 19 At ang mga Levita, sa mga anak ng mga Coathita at sa mga anak ng mga Coraita; ay nagsitayo upang purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, ng totoong malakas na tinig. 20 At sila'y nagsibangong maaga sa kinaumagahan, at nagsilabas sa ilang ng Tecoa: at habang sila'y nagsisilabas, si Josaphat ay tumayo, at nagsabi, Dinggin ninyo ako, Oh Juda, at ninyong mga taga Jerusalem; sumampalataya kayo sa PANGINOON ninyong Dios, sa gayo'y matatatag kayo; sumampalataya kayo sa kaniyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo. 21 At nang siya'y makakuhang payo sa bayan, kaniyang inihalal sa kanila ang magsisiawit sa PANGINOON at magsisipuri sa ganda ng kabanalan habang sila'y nagsisilabas na nagpapauna sa hukbo at magsipagsabi, Mangagpasalamat kayo sa PANGINOON; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man. 22 At nang sila'y mangagpasimulang magsiawit at magsipuri, ang PANGINOON ay naglagay ng mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ni Moab, at ng sa bundok ng Seir, na nagsiparoon laban sa Juda; at sila'y nangasugatan. 23 Sapagka't ang mga anak ni Ammon at ni Moab ay nagsitayo laban sa mga taga bundok ng Seir, upang lubos na magsipatay at lipulin sila: at nang sila'y makatapos sa mga taga bundok ng Seir, bawa't isa'y tumulong na lumipol sa iba. 24 At nang ang Juda ay dumating sa bantayang moog sa ilang, sila'y nagsitingin sa karamihan; at, narito, mga bangkay na nangakabuwal sa lupa, at walang nakatanan. 25 At nang si Josaphat at ang kaniyang bayan ay magsiparoon upang kunin ang samsam sa kanila, kanilang nasumpungan sa kanila na sagana ay mga kayamanan at mga bangkay, at mga mahahalagang hiyas na kanilang mga sinamsam para sa kanilang sarili, na higit kay sa kanilang madala: at sila'y nagsidoon na tatlong araw, sa pagkuha ng samsam, na totoong marami. 25 At nang ikaapat na araw, sila'y nagpupulong sa libis ng Baracah; sapagka't doo'y kanilang pinuri ang PANGINOON: kaya't ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Libis ng Baracah, hanggang sa araw na ito. 27 Nang magkagayo'y nagsibalik sila, bawa't lalake sa Juda, at sa Jerusalem, at si Josaphat ay sa unahan nila, upang bumalik sa Jerusalem na may kagalakan; sapagka't sila'y pinapagkatuwa ng PANGINOON sa kanilang mga kaaway. 28 At sila'y nagsiparoon sa Jerusalem na may mga salterio at mga alpa, at mga pakakak sa bahay ng PANGINOON." (2 Cronica 20:14-28 KJV)*** Kapag ang iyong buhay ay napuspos ng isang katangian ng papuri, kung gayon sinasabi mo sa Dios na nagtitiwala ka sa Kanya upang alagaan ka at lupigin ang iyong mga kaaway, Ito ang iyong katangian ng pananampalataya na nakalulugod sa Dios at ginagawang saksi ka sa mas maraming himala mula sa Kanya.

Ngayon ay pag-uusapan natin nang higit pa ang tungkol sa pagsamba. Ano ang pagsamba? Ang pagsamba ay paggalang o respeto at nangangailangan ng relasyon at komunikasyon. Ang pasasalamat ay nagdadala sa atin sa pagpuri at ang pagpuri ay nagdadala sa atin sa pagsamba. Bakit mo kailangang sambahin ang Dios? Sinasabi ng ***Awit 95*** kung bakit karapat-dapat sambahin ang Dios. ***"1 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsiawit sa PANGINOON: tayo'y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan. 2 Tayo'y magsiharap sa kaniyang harapan na may pagpapasalamat, tayo'y magkaingay na may kagalakan sa kaniya na may mga pagaawitan. 3 Sapagka't ang PANGINOON ay dakilang Dios, at dakilang Hari sa lahat ng mga dios. 4 Na sa kaniyang kamay ang mga malalim na dako ng lupa, ang mga kataasan ng mga bundok ay kaniya rin. 5 Ang dagat ay kaniya, at kaniyang ginawa: at ang kaniyang mga kamay ay lumikha ng tuyong lupa. 6 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng PANGINOON na May-lalang sa atin. 7 Sapagka't siya'y ating Dios, at tayo'y bayan ng kaniyang pastulan, at mga tupa ng kaniyang kamay. Ngayon, kung inyong didinggin ang kaniyang tinig! 8 Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, gaya sa Meriba, gaya sa kaarawan ng Masa sa ilang: 9 Nang tuksuhin ako ng inyong mga magulang, tinikman ako, at nakita ang gawa ko. 10 Apat na pung taong namanglaw ako sa lahing yaon, at aking sinabi, Bayan na nagkakamali sa kanilang puso. At hindi naalaman ang aking mga daan; 11 Kaya't ako'y sumumpa sa aking poot, na sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan." (Awit 95:1-11 KJV)*** Sinasabi sa talata 3 ang Panginoon ay dakilang Dios, at dakilang Hari sa lahat ng mga dios. ***"3 Sapagka't ang PANGINOON ay dakilang Dios, at dakilang Hari sa lahat ng mga dios," (Awit 95:3 KJV)*** Walang ibang dios na karapat dapat sa ating pagsamba kaysa sa Kanya ni mga dios-diosan sapagkat sila'y walang kabuluhan gaya ng mababasa natin dito, ***"4 Tungkol nga sa pagkain ng mga bagay na inihain sa mga diosdiosan, nalalaman natin na ang diosdiosan ay walang kabuluhan sa sanglibutan, at walang Dios liban sa iisa." (1 Corinto 8:4 KJV0 "19 Ano ang aking sinasabi? na ang hain baga sa mga diosdiosan ay may kabuluhan? o ang diosdiosan ay may kabuluhan? 20 Subali't sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonio, at hindi sa Dios: at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonio. 21 Hindi ninyo maiinuman ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonio: kayo'y hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa dulang ng mga demonio." (1 Corinto 10:19-21 KJV)*** Sa ***Awit 95:7***, sinasabi sa atin na ang Panginoon ay walang pimipili, kundi

isang personal na Dios na nagmamalasakit sa mga tao ng Kanyang pastulan, ang mga tupa ng Kanyang kamay na nasa Kanyang pangangalaga. ***“7 Sapagka't siya'y ating Dios, at tayo'y bayan ng kaniyang pastulan, at mga tupa ng kaniyang kamay. Ngayon, kung inyong didinggin ang kaniyang tinig!” (Awit 95:7 KJV)*** Sinasamba natin, kung gayon ang Panginoon na dakilang Dios at at Hari sa ibabaw ng lahat ng ibang dios at hari, na Siya ang Tagapaglikha, at na Siya rin ay isang mapagmahal, personal na Diyos na nagmamalasakit sa atin.

Paano tayo sumasamba sa Dios?

***1.*** Ang ***Awit 95*** talata ***1*** at ***6*** ay nag-aanyaya sa atin na umawit para sa Dios, upang magkaingay para sa Kanya, upang sambahin Siya, upang yumuko at lumuhod sa Kanyang harapan: ***“1 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsiawit sa Panginoon: tayo'y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan. 6 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin.” (Awit 95:1,6 KJV)*** Sinasamba natin ang Dios sa pag-anyaya. Ang pagsamba ay tawag sa mga anak ng Dios, sa mga mapalad na inanyayahan sa Kanyang Kaharian.

***2. Awit 95*** Ipinapakita sa atin ng taludtod ***1*** na sumasamba tayo sa pamamagitan ng pagkanta. Ipinagdiriwang natin sa pamamagitan ng pagkanta, pagsayaw, pagsigaw, at pagpalakpak. Ipinagdiriwang natin ang pagiging nasa presensya ng Dios. Sinasabi ng mga taludtod ***1***, ***2***, at ***6***, ***“1 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsiawit sa PANGINOON: tayo'y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan. 2 Tayo'y magsiharap sa kaniyang harapan na may pagpapasalamat, tayo'y magkaingay na may kagalakan sa kaniya na may mga pagaawitan.6 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng PANGINOON na May-lalang sa atin.”*** Oo, tayo'y magsisamba sa Dios at magsiyukod at magsiluhod sa harap ng Dios.

***3.*** Ang pagsamba ay pampubliko, at kailangan nating makasama ang ating ibang kapatid kay Cristo, ang Kanyang simbahan.

***4.*** Ang pagsamba ay dapat ay nasa kalangitnaan ang Dios, ***“1 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsiawit sa PANGINOON: tayo'y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan. 2 Tayo'y magsiharap sa kaniyang harapan na may pagpapasalamat, tayo'y magkaingay na may kagalakan sa kaniya na may mga pagaawitan.” (Awit 95:1-2 KJV)*** Kapag sinasamba natin ang Dios lumalapit tayo upang parangalan ang Dios at tanging ang Dios. Hindi natin sinasamba ang mga pastor, diakono, matatanda, simbahan, atbp.

***5.*** Ang pagsamba ay naglalaman ng kabuuan natin, ***“2 Tayo'y magsiharap sa kaniyang harapan na may pagpapasalamat, tayo'y magkaingay na may kagalakan sa kaniya na may mga pagaawitan. 6 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng PANGINOON na May-lalang sa atin.” (Awit 95:2.6 KJV)*** Sinasamba natin ang Diyos, hindi lamang gamit ang ating isip o katawan, kundi buong pagkatao natin.

***6.*** Ang pagsamba ay pakikinig at pagsunod sa tinig ng Dios, ***“7 Sapagka't siya'y ating Dios, at tayo'y bayan ng kaniyang pastulan, at mga tupa ng kaniyang kamay. Ngayon, kung inyong didinggin ang kaniyang tinig! 8 Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, gaya sa Meriba, gaya sa kaarawan ng Masa sa ilang:” (Awit 95:7-8 KJV)*** Kasama rito ang ideya ng pagsunod. Ang pagsamba sa Dios ay nangangahulugang at katumbas ng pagsunod sa Dios. Sa ***Genesis 22***, tinawag ng Dios si Abraham upang sambahin Siya sa pamamagitan ng panawagan na ialay ang Kanyang Anak na si Isaac. Ang kahandaang sundin ni Abraham ang utos ng Dios ay makikita sa kanyang kahandaang ialay ang kanyang anak na si Isaac sa Dios na isang kinakailangan para sa pagsamba at sa ganitong ugali, natanggap ni Abraham ang mga pagpapala ng Dios. ***“1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo. 5 At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila, Maghintay kayo rito sangpu ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. 6 At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin, at ipinasan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at sila'y kapuwa yumaong magkasama. 7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. 9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si***

***Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng anghel ng PANGINOON mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. 13 At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas, at narito, ang isang tupang lalake, sa dakong likuran niya na huli sa dawag sa kaniyang mga sungay: at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak, 14 At pinanganlan ni Abraham ang dakong yaon, ng Jehova-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito: Sa bundok ng PANGINOON ay mahahanda. 15 At tinawag ng anghel ng PANGINOON si Abraham na ikalawa mula sa langit. 16 At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang PANGINOON, sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anaK; 16 Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway; 18 At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig." (Genesis 22:1-18 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang pagpuri at pagsamba ay dalawang bagay na kailangan mong maging pamilyar at mahalin na gawin tulad ng inilarawan natin sa mensaheng ito. Hindi mo lamang dapat purihin at sambahin ang Dios kapag pumapasok ka sa simbahan at nakikisama, kundi kailangan mo rin gawin iyon sa iba pang oras ng iyong pamumuhay habang nagtatrabaho, nabubuhay, at nagsisilbi tulad ng mababasa natin sa mga sumusunod na Kasulatan, ***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1 KJV) "15 Sa pamamagitan nga niya ay maghandog tayong palagi ng hain ng pagpupuri sa Dios, sa makatuwid baga, ay ng bunga ng mga labi na nagpapahayag ng kaniyang pangalan." (Hebreo 13:15 KJV)*** Ang pagpupuri at pagsamba ay nangangahulugang bumalik sa Diyos, magsisi sa iyong mga kasalanan, humingi ng kapatawaran mula sa Diyos, hilingin sa Kanya na tanggapin ka muli at ipahayag ang iyong pangako na bumalik sa Kanya, mamuhay para sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban at paglingkuran Siya: ***"1 Oh Israel, manumbalik ka sa Panginoon mong Dios; sapagka't ikaw ay nabuwal dahil sa iyong kasamaan. 2 Magpahayag kayo na may pagsisisi, at magsipanumbalik kayo sa PANGINOON: sabihin ninyo sa kaniya, Alisin mo ang boong kasamaan, at tanggapin mo ang mabuti: sa gayo'y aming ilalagak na parang mga toro ang handog ng aming mga labi." (Hosea 14:1-2 KJV)***

*Panahon na ngayon para sa iyo na baguhin ang iyong isipan at simulan na maunawaan kung ano ang papuri at pagsamba, ay ang mamuhay sa kabanalan at sa pagsunod sa Dios, pinahahalagahan ang kaligtasan na Ipinagkaloob Niya sa iyo bilang karagdagan sa lahat ng Kanyang pag-aalaga, pagmamahal, Kanyang awa, Kanyang pagpapatawad sa iyong mga kasalanan, Kanyang biyaya, Kanyang proteksyon, Kanyang pagpapagaling, at para sa lahat ng Kanyang kabutihan na Ipinagkaloob sa iyo. Panahon na rin para pasalamatan ang Dios, nagpapahayag ng pasasalamat at karangalan sa Kanya para sa lahat ng Kanyang nagawa sa iyo, kung ano Siya sa iyo, para sa lahat ng Kanyang mga awa at walang-kapantay na mga biyaya, Kanyang kaligtasan at ang kahanga-hangang lugar na Kanyang inihanda para sa iyo sa Langit.

Manalangin tayo…

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangala ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin kung anong kahulugan ng papuri at pagsamba at kung paano purihin at sambahin ka. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyo at pinupuri ka para sa kaligtasan na tinanggap ko mula sa iyo, para sa lugar na inihanda mo para sa akin sa Langit, para sa kapatawaran ng aking mga kasalanan, para sa iyong proteksyon, sa pagliligtas sa aking mga kaaway, sa iyong paglingap, sa iyong paggabay at sa lahat ng iyong mapagmahal na kabaitan at ang iyong mga habag sa aking buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng mga himala at kababalaghan na ginawa mo at ginagawa mo sa aking buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng materyal na pagpapala at sa Espirituwal na mga kaloob na ipinagkaloob mo sa aking buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtuturo, pagtutuwid, pagsaway at pagpapayo na tinanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikdan lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa hindi mo pagbibigay ng iyong buhay kay Jesus at pamumuhay sa pagsuway sa Dios. Magsisi sa kawalan mo ng pananampalataya at kawalan ng buong pagtitiwala sa Dios. Magsisi sa iyong kamunduhan at pagibig mo sa materyal na mga bagay. Magsisi sa iyong pagsisinungaling, galit, pakikipag-away, pagnanasa, imoralidad, katamaran, at sa laaht ng gawa ng laman sa iyong buhay. Magsisi sa iyong pagkamakasarili at pagsunod sa iyong sariling kalooban at*

*plano at hindi sa kalooban at di plano ng Dios sa iyong buhay. Magsisi sa iyong walang kagustuhang magpuri at sumamba sa Dios tulad ng hindi nais maglingkod sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban at magdusa para kay Cristo. Magsisi sa iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangang manalangin. Panginoon ako'y nagsisisi patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan __________________________,*

*Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa pagpapanatili ng isang buhay na namumuhay sa pagsunod sa iyo, inuukol ang aking sarili at ang aking kalooban nang ganap sa iyo. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na ialay sa iyo ang mga bahagi ng aking katawan bilang buhay na handog upang pagsilbihan ka mula ulo hanggang paa. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na pasalamatan ka at sambahin ka sa lahat ng Iyong kabutihan at awa at ipagpatuloy ang paggawa nito sa lahat ng pagkakataon. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mangaral, ipahayag ang iyong kabutihan, lumikha ng bagong alagad, at ipalaganap ang iyong Salita sa mga tao sa aking paligid at sa anumang lugar na iyong itinuturo sa akin na puntahan. Panginoon, bigyan mo ako ng mabuting kalusugan at lakas, gabayan mo ako, protektahan mo ako, at tugunan ang aking mga pangangailangan upang ipagpatuloy ang pagsilbi sa iyo.*

*Panginoon, basbasan mo ang aming mga Kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at naglaan ng kanilang buhay upang mamuhay nang kabanalan, na maglingkod sa iyo at purihin at sambahin ka ayon sa aming natanggap sa mensaheng ito. Panginoon, tulungan mo sila, lutasin ang kanilang mga problema, gumawa ng mga himala sa kanilang buhay at iligtas sila mula sa kamay ng kanilang mga kaaway. Panginoon, punuin mo sila ng Banal na Espiritu at bigyan ng mga espiritwal na kaloob na kailangan nila upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, protektahan mo sila mula sa masama, tugunan ang kanilang mga pangangailangan at itakda sila bilang mabuting halimbawa sa iba upang sundan ka.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at tulungan mo kaming patuloy na tumayong matatag upang magturo at mangaral ng iyong Salita at ipahayag ang iyong kalooban sa mga tao. Panginoon, nagpapasalamat kami sa iyo, pinupuri ka namin at sinasamba ka namin para sa lahat ng iyong dakilang kabutihan at awa sa amin. Panginoon, iniaalay namin ang aming sarili na mabuhay at magturo ng iyong Salita na aming natanggap sa mensaheng ito. Panginoon, iniaalay namin ang aming sarili na patuloy na mangaral at ipalaganap ang iyong Salita upang maabot ang mga nawala. Panginoon, paging dapatin mo kami na pumunta at gumawa ng mga bagong alagad at magsanay ng mga bagong manggagawa upang maglingkod sa iyo, magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga bagong kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin ang mas marami pang mga tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, dalhin mo ang mensahe at ipalaganap ito upang maabot ang mga taong nangangailangan ng iyong Salita. Panginoon, tupdin mo ang bisyon ng simbahan, 'Pagpaparami nang may kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi kami makaramdaman ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com